



KAAYUSAN SA PAGSAMBA PARA SA ARAW NG MGA MANGGAGAWA

Linggo, ika-1 ng Mayo 2016

PAMBUNGAD NA TUGTUGIN

PROSESYUNAL

(Pagpasok ng mga Tagapanguna at mga simbolo—Bibliya, bulaklak, mga kagamitan ng mga manggagawa)

PAGSINDI NG KANDILA

TAWAG SA PAGDIRIWANG

Patnugot: Napansin nyo na ba ang mga manggagawa pagkatapos ng 8 o 10 oras ng trabaho na kumakain sa labas ng pabrika o sa mall? Ang mga contractual na mga mall personel sa SM at sa Robinson kumakain at pinapawi ang gutom sa mga pagkaing kalye na yaon lamang ang kaya nilang bilhin para sa kanilang sarili upang maibsan ng bahagya ang gutom at pagod sa araw na yaon.

Lahat: Tulad ni Jesus, sa tuwing may mga pagkakataon nagsasalo-salo sila kasama ang mga masa, mga magsasaka, mangingisda at mga manggagawa. Pinagsasaluhan nila ang mga pagkaing nagdidikta din sa kanilang abang kalagayan sa panahon ng emperyo. Pinagkakasya ang mga tuyong isda at kanin. Di nagkakalayo sa sitwasyon at karanasan ng maraming manggagawa at pamilya sa ating bansa kung saan ang Pilipinas ay kilala sa kanyang napakayamang likas na tubig at dagat subalit ang mamamayan nito ay walang sapat na makain.

Patnugot: Sa ating pananambahang ito, alalahanin natin sila na siyang lakas pag-gawa ng bayang ito, ngunit salat sa kakayanang kumain ng sapat; maging ang mga taong nais sanang makakain ng mga sinasabi nating masusustansiyang pagkain subalit walang kakayanang makabili nito kaya nagkakasya na lamang sa 2 pisong fishball para lamang may makain ang pamilya.

***AWIT NG PAGPUPURI**

AIK 22

♪ Ang Dios ay Purihin (To God be the Glory)

Ang Dios ay purihin Dios na nagpala! Pag-ibig sa ati'y tunay at kusa.
Sa krus nabayubay Cristong naghirap upang ang tao sa Kanya'y maligtas.

Koro: Si Jesus tanghalin Tinig N'ya ay dinggin, si Jesus tanghalin S'ya ang ating sundin.
Sa Dios natin dalhin ang suliranin, kay Cristo magpuri tinig N'ya'y dinggin.

S'ya ang tanging lunas sa ating buhay, ngalan ni Cristo ang ating patnubay
Kahit nagkasala tawad kakamtan, ang gagawin n'ya ay manalig lamang. (*Koro*)

Kay rami ng turo, kay raming aral, daming pagpapalang sa ati'y laan
Hindi lamang gayon ang makakamtan, tatanggap kay Cristo ang Kanyang hirang. (*Koro*)

***PAMBUNGAD NA PANALANGIN (Patnugot)**

Samahan Mo kami, o Diyos, sa oras na ito ng pananambahan at ibuhos Mong ganap sa amin
mulí ang iyong Diwang Banal upang aming pagbulaybulayan ang iyong mga salita,
pagbulaybulayan ang aming mga sarili, at pagbulaybulayan ang aming paglilingkod sa bayan,
lalong lalo na sa aming mga kapatid na manggagawa at ang kanilang mga pamilya. Ito ang
aming dalangin sa pangalan ni Hesus, ang Kristong aming sinusundan. Amen.

***TUGONG AWIT**

♪ Dakilang May Likha

Dakilang may likha, sa kalinga't pang-unawa
Mangyari ang iyong diwa sa langit at sa lupa
Bigyan mo ng sapat ang lahat sa araw-araw
Turuang magparaya, tulad ng iyong gawa
ladya Mo kami sa pagmamataas upang maiwaksi ang lupit at dahas
At samahang lumikha ng pamayanang payapa
Sa kalikasan, kabuhayan, kakanyaha't paniniwala.
Siya Nawa, Siya Nawa, Siya Nawa, Siya Nawa!

LITANYA SA PAGSISISI

Patnugot: Sino-sino nga ba ang mga manggagawa sa ating mga simbahan, pamilya at mga
kaibigan? Ano ang mukha nila? Sino sila? Ano at sino sila sa atin bilang mga
manggagawa ng Iglesia at bilang kababayan? Ito ay ating pagmunimunihan.

(Panandaliang pananahimik)

Sa maraming pagkakataon na sila ay naging gatasan lamang ng pondo para sa simbahan.
Panginoon, kaawaan Mo kami.

Kapulungan: Panginoon kaawaan Mo kami, Panginoon patawarin Mo kami.

Patnugot: Sa maraming pagkakataon na hindi namin kinilala at binigyang importansya ang mga
sakripisyo ng aming mga kababayang manggagawa, Kristo kaawan Mo kami.

Kapulungan: Kristo Kaawaan Mo kami, Kristo patawarin Mo kami.

Patnugot: Sa pagkabigo namin na maglingkod at mag-aruga sa aming mga kababayan at
kapamilyang manggagawa, lalong lalo na yung mga nagdarahop, yung mga wala ng
maibigay at yung mga walang sapat na natatanggap na sahod sa kabila ng kanilang

pagpapagal, Panginoon kaawan Mo kami.
Kapulungan: Panginoon Kaawaan Mo kami, Panginoon patawarin Mo kami.

TUGONG AWIT

♪ Suriin Mo

Suriin Mo ang aking diwa gawin, Mong kalugod-lugod
Suriin Mo ang pang-unawa ng Iyong abang lingkod
Damdaming di kaaya-aya sa puso ko ay ihayag
Nang ako ay mapalaya sa biyaya Mo't habag
*Baguhin
*Gawaing...buhay

KAPAHAYAGAN NG KAPATAWARAN (Pastor)

PAGBABATIAN NG KAPAYAPAAN

MGA BALITA/MALASAKIT NG IGLESYA

AWIT NG PAGHAHANDA PARA SA PANALANGIN NG SAMBAYANAN

Sakada

Bakit kaya nagkaganyan ang ating kapaligiran?
Doon dito ay luhaan kahit saan may tangisan
Bakit kaya naghihirap tayong mga lumilikha ng yaman ng ating bansa
Tayong mga manggagawa?
Tanong ko sa inyo isa lamang mga kaibigan ko
Tanong ko ay pakinggan nyo
Saan tayo patutungo? Saan mula rito?

PANALANGIN NG SAMBAYANAN

TUGONG AWIT

Sakada

Ngunit nagbabago ang lahat
Kung tayo ang siyang gagalaw
Lakbayin natin kahit may kalayuan ang maaliwalas na daan
Tatlong bundok man ang hadlang
Sa ating paroroonan, hukayin natin hanggang sa mawala, tayo ay ganap na lalaya
Tanong ko sa inyo isa lamang mga kaibigan ko
Tanong ko ay pakinggan nyo
Kailan tayo patutungo sa kalayaan mula rito?
Ngayon tayo patutungo sa kalayaan mula rito!

*📖 **PAGBASA MULA SA BANAL NA KASULATAN**

HANDOG NA AWIT

MENSAHE SA ATING KAPANAHUNAN

LITANYA PARA SA MGA MANGGAGAWA

Diyos ng mga Aba at ng mga Manggagawa, kami ay lumalapit upang ilingap sa inyo ang mga kapatid, magulang, asawa, kaibigan at mga kababayan namin na mga manggagawa dito sa aming bansa at maging sa iba't ibang dako sa mundo.

Panatiliin mong buo at malakas ang kanilang mga pamilya: **Diyos ng mga Aba, Dingin Mo kami.**

Bigyan mo sila ng lakas ng katawan at kalooban: **Diyos ng mga Aba, Dingin Mo kami.**

Mula sa mga kalupitan at sakuna: **ladya Mo sila, O Diyos.**

Mula sa mga kalungkutan at mga karamdaman: **ladya Mo sila, O Diyos.**

Mula sa pang-aapi at pang-aabuso: **ladya Mo sila, O Diyos.**

Bigyan mo sila ng mga kaibigan at mga katuwang sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay: **Kristong Manggagawa, samahan Mo sila.**

Sa panahon ng pagsubok at mga problema: **Kristong Manlalakbay, samahan Mo sila.**

Sa pag-iimpok at pagtataguyod ng pamilya: **Gabayan mo sila, Diwang Banal.**

Sa pagpapamalas ng galing, sipag at talino ng Pilipino: **Gabayan Mo sila, Diwang Banal.**

Sa aming mga Iglesia: **Turuan Mo kaming paglingkuran sila.**

May donasyon man o wala: **Turuan Mo kaming paglingkuran sila.**

Saan man sila naroroon: **Turuan Mo kaming paglingkuran sila.**

Lahat: Diyos ng buhay at pag-asa, itinataas naming lahat ang aming mga kapamilya at kababayan na mga manggagawa. Pagbuklurin mo sila at gabayan mo sila sa lahat ng oras. ladya sila sa lahat ng kasamaan. Turuan mo kami bilang Iyong tagasunod na tingnan at ituring silang kabahagi ng Simbahan at sambayanan na nararapat arugain at tulungan. At lahat ng ito ay aming dalangin sa Iyo sa tulong ng iyong Espiritu at sa aming pagtitiwala kay Kristong Anak mo. Amen.

PAGDIRIWANG NG BANAL NA HAPUNAN

PAANYAYA

PANALANGIN/PASASALAMAT

PAGBAHA-BAHAGI

PAGSALU-SALO

PAANYAYA SA PAGHAHANDOG

PAGLIKOM SA MGA HANDOG, IKAPU, AT PANGAKO

*DOKSOLOHIYA

*PANALANGIN NG PASASALAMAT

AWIT NG PAGTATALAGA

MASP 71

Gumawa, Gumawa

Gumawa, gumawa tayong lingkod ng Dios sa atas na daan tayo ay sumunod;
Baguhin ang lakas sa yamang kaloob at kung magkagayo'y di tayo lulugmok.

Koro: Gumawa, maghangad, (gumawa, maghangad) maghintay, magpuyat, (maghintay,
magpuyat)

Umasa, tumawag, (umasang wagas tawag) Ang Maestro'y babalik agad.

Gumawa, gumawa, kusang ipakain kabuhayang tinapay sa dumaraing,
Ang may mga damdam kay Jesus ay dalhin sa pag-ibig niya siya ay gagaling.

Gumawa, gumawa, ang lakas ay hingin, ang hari ng sama ay upang masupil
Ihatid na bihag ang naagaw natin sa harap ng Ama nating mahabagin.

BENDISYON AT PAGHAYO

Si Yahweh na patuloy na sumusubaybay sa atin ay pagpalain nawa kayo bilang Kanyang mga
taga-sunod na syang mag-aaruga sa mga manggagawa at sa kanilang mga pamilya.

Nawa'y si Kristong manggagawa ay samahan kayo sa patuloy niyong pagmiministeryo sa lahat
ng dako, oras at panahon.

Nawa'y ang Diwang Banal ay gabayan kayo at puspusin ang inyong mga salita at inyong mga
gawa sa ikatataguyod ng Malaya at mapagpalayang Bayan ng Diyos.

At nawa'y ang pagpapala, gabay at pagmamahal ng lisang Diyos ay sumainyo ngayon at
magpakailan man.

Humayo kayong bitbit ang grasya ng Diyos na inyong ibabahagi sa lahat. Amen.

TATLONG AMEN

RESESYUNAL

